Disiplina

Sino ang nag-didisiplina ng bata sa paaralan?

- Ang guro ay maaring mag-disiplina sa bata.

- Ang guro ay maaring humingi ng tulong sa “counselor” o administrador na mga katuwang sa pag-disiplina ng mag-aaral.

- Ang pulis na nakatalaga sa paaralan (School Liaison Officer) ay maaring magbigay ng tulong at impormasyon, pero **hindi** siya maaring mag-disiplina ng mga mag-aaral.

“Discipline at Home and School”

“Ang Disiplina sa Bahay at Paaralan”

[Filipino]

This brochure is one in a series sponsored by the VSB SWIS program and produced collectively by a group of ESL teachers and the VSB MCLW team.

Funded by the Ministry of Advanced Education and Labour Market Development, and Citizenship and Immigration Canada.

Ang Disiplina sa Bahay at sa Paaralan

Mga Kasagutan sa Pang-Karaniwang mga Tanong

Ano ang kaibahan ng parusa sa disiplina?

- Ang parusa ay tungkol sa pagpigil ng mga bata sa pamamagitan ng takot.
- Ang disiplina ay tungkol sa pagtuto ng mga bata na magkaroon ng sariling paniningdigan at respeto sa sarili. Natututuhan ng mga bata ang bawa't kilos ay nagkakaroon nang apekto sa kapwa kaya kailangang isipin mabuti bago gumawa ng mga pasiya.
- Ang mabuting disiplina ay **hindi** tungkol sa pananampal, pamamalo,panghahampas,o kahit anong uri ng parusang pisikal.

Ano ang ibang paraan sa parusang pisikal?

- Magbigay ng maikling "timeout" o oras na mapag-isa hanggang sa ang bata ay mapanatag. Pagkatapos, bigyan ng oras para pag-usapan at lutasin ang problema.
- Tanggalin ang mga pagbabawal katulad halimbawa ng pagkaila sa mga gawaing ikasasaya ng bata.

Ano ang Pang-aabuso sa mga bata?

Kung sinaktan mo ang isang bata habang ito'y iyong dinidisiplina, aayunan ng Ministry of Children and Family Development (MCFD) na ito ay pang-aabuso at kanilang iimbestigahan.

Ayon sa batas, lahat ng matatanda kasama ng mga guro, ay kinakailangang mag-sumbong sa MCFD kung merong pinag-hihinalang kaso ng pang-aabuso sa bata.

Ang MCFD ay may tungkulin na mag-siyasat ng lahat na reports tungkol sa pinaghihinalaang kaso ng pang-aabuso sa bata.

Kung ang bata ay hindi ligtas sa sarili niyang pamamahay, ito ay maaring kunin at ilagay sa isang pansamantalang bahay-bahayan o foster home.

Para sa karagdagang impormasyon,pumunta sa: www.mcf.gov.bc.ca/child_protection/

Paano ang disiplina sa Paaralan?

- Lahat ng paaralan ay may kaniya-kaniyang batas na kailangang sundin ng mag-aaral, empleyado at bisita.
- Kung hindi mo alam ang mga batas na ito,alamin sa inyong paaralan. Kung mahirap unawain, humingi ng tulong upang ito'y mapaliwanag sa iyo at iyong anak.
- Merong konsekwensiya ang hindi pagsunod ng mag-aaral sa mga batas na ito.
- Kapag ang isang mag-aaral ay lumabag sa mga seryosong batas katulad ng pakikipag-away,"bullying", o pagdala ng armas sa paaralan, ang konsekwensiya ay mas mahigpit.
- Ang pag-disiplina sa paaralan ay hindi kailanman tungkol sa pananampal o pananakit ng bata..